The City of SAN DIEGO

**San Diego Public Library**

**Ipinapakilala ng San Diego Public Library ang**
**EXCEL Library Card para sa mga Estudyante**

Agosto 21, 2023

Mahal na Magulang o Tagapag-alaga,

Ang San Diego Unified School District ay nagsimula ng isang kapana-panabik na bagong pakikipagsosyo sa San Diego Public Library upang matiyak na ang lahat ng mga estudyante ay may akses sa mga materyales at serbisyong kinakailangan para sa tagumpay ng kanilang edukasyon. Simula ngayong paparating na taon ng paaralan, ang Library at Distrito ng Paaralan ay magsisimula ng awtomatikong pagrerehistro ng mga estudyante para sa isang EXCEL Student Library Card sa San Diego Public Library. Sa sandaling matanggap ng mga estudyante ang kanilang card, kakailanganin nilang dalhin ang kanilang Student ID# ng San Diego Unified District at ang kanilang EXCEL card sa alinman sa 36 na lokasyon ng San Diego Public Library upang pa-aktibahin ito.

Ang EXCEL card ay magbibigay sa mga estudyante ng agarang akses sa mga sumusunod na libreng mapagkukunan ng aklatan:
• Mga aklat at audiobook
• Akses sa mga online na tulong sa takdang-aralin (homework help tutor)
• Paggamit ng computer sa aklatan, na may akses sa Word Processing at sa Internet
• Online na akses sa mga pahayagan, magasin, at iba pang elektronikong mapagkukunan

Nagbibigay din ang Library ng mga lugar para mag-aral at makipagtulungan sa iba at maraming libre, nakaka-engganyo na mga kaganapan at aktibidad upang pasiglahin ang pag-aaral at pagkamalikhain. Walang sisingilin na bayad sa mga materyales na hindi naibalik sa tamang panahon o kaya lampas na sa takdang petsa o mga multa para sa nawala o nasira na mga materyales.

Gamit ang card na ito ang iyong anak ay may akses sa isang malawak na pagpipilian ng mga materyales sa aklatan upang matugunan ang impormasyonal na pangangailangan ng lahat ng tao anuman ang edad. Ang mga aklatan ay naglalaman ng ilang nakalimbag, audio-biswal, at elektronikong materyales na ang ilang mga magulang ay paminsan-minsan ay nakikitang hindi kanais-nais o hindi naaangkop para sa kanilang mga anak. Dahil hindi nasusubaybayan ng aming mga tauhan ang mga pagpili na gagawin ng isang bata, iminumungkahi naming alamin mo kung anong mga materyales ang hinihiram ng iyong anak mula sa aklatan. Ang responsibilidad para sa anumang mga paghihigpit sa mga pribilehiyo ng paghiram ng isang bata ay nakasalalay sa magulang o tagapag-alaga.

Upang magarantiya ang pagkapribado para sa bawat indibidwal, ipinag-uutos ng batas ng California ang pagiging kumpidensyal ng pagpapparehistro at ang mga talaan ng paghiram at ang mga patakaran at pamamaraan ng San Diego Public Library ay sinusunod ang layuning iyon. Ang tauhan ng Library ay makakapagbigay lamang ng impormasyon tungkol sa isang account na may pahintulot lamang ng may nagmamay-ari ng kard, anuman ang edad o relasyon ng nagmamay-ari ng kard sa taong humihiling.

Inaasahan namin ang maraming taon ng paglilingkod sa iyong pamilya sa pamamagitan ng pagtugon sa pagbabasa mo at ng iyong anak at mga pangangailangang pang-impormasyon. Kung ayaw mong magkaroon ng account sa aklatan ang iyong anak, huwag lang aktibahin ang kard at ibalik ito sa guro ng iyong anak.

Para sa higit pang impormasyon tingnan ang nakalakip na Pahina ng Impormasyon o bisitahin kami sa online sa www.sandiego.gov/excel

Taos-puso,

Misty Jones
Katiwala ng Aklatan sa Lungsod

330 Park Blvd, Mail Station 17
San Diego, CA 92101

T (619) 236-5870
sandiego.gov

**EXCEL na Library Card ng Estudyante**
**Pahina ng Impormasyon**

Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Pampublikong Aklatan ng San Diego (San Diego Public Library o SDPL), ang San Diego Unified School District (SDUSD) ay nag-aalok ng isang kapana-panabik na oportunidad para sa mga mag-aaral na may Student EXCEL Library Card, isang makabagong paraan para ma-akses ng mga mag-aaral ang mga mapagkukunan ng sistema ng pampublikong aklatan.

Awtomatikong ipapatala ang iyong estudyante sa Student EXCEL Library Card sa Pampublikong Aklatan ng San Diego.

**Ang EXCEL Card ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral ng SDUSD na…**




- Humiram ng hanggang 3 aklat o audiobook mula sa alinmang lokasyon ng San Diego Public Library.
- Humiram ng hanggang 5 eBook mula sa aming eCollection.
- Walang multa para sa mga bagay na hindi naibalik sa tamang panahon o multa para sa nawala o nasira na mga libro.
- Makatanggap ng libreng online, isahan na pagtuturo sa Ingles o Espanyol sa lahat ng pangunahing mga aralin.
- Gumamit ng mga computer ng pampublikong aklatan sa alinman sa mga lokasyon ng aklatan.

***Ang mga magulang ay may pananagutan sa paggamit ng kanilang mga anak ng mga mapagkukunan ng aklatan.***

## Mga FAQ

**Paano gagamitin ng aking anak ang kanyang library card?** Kakailanganin nilang dalhin ang kanilang EXCEL card kasama ang kanilang student ID # sa alinman sa aming 36 na lokasyon ng pampublikong aklatan upang ma-activate.

- Kakailanganin nilang malaman ang kanilang pin para ma-access ang mga online na mapagkukunan. Ang kanilang 4 na digit na pin ay awtomatikong itinalaga bilang kanilang buwan ng kapanganakan at kaarawan (Halimbawa: Ang Mayo 1 ay 0501)

**Anong impormasyon ng estudyante ang ibabahagi ng San Diego Unified School District sa San Diego Public Library?** 1) Pangalan ng Estudyante, 2) Paaralan, 3) Numero ng ID ng Estudyante, 4) Petsa ng kapanganakan ng Estudyante. Ang San Diego Public Library ay lumagda sa isang kasunduan na hindi magbahagi ng impormasyon ng estudyante sa ibang mga entidad.

**Paano kung gusto kong magkaroon ng ganap na access ang aking anak sa mga serbisyo at materyales ng Pampublikong Aklatan ng San Diego?** Ang isang buong access na SDPL card ay nagbibigay sa iyong anak ng access sa hanggang 100 bagay. Kung gusto mong makatanggap ng tradisyonal, ganap na access card, maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng pagbisita sa anumang lokasyon ng SDPL.

**Paano kung ang aking anak ay mayroon na ng San Diego Public Library Card?** Kung ang iyong anak ay mayroon nang isang card galing sa SDPL, ang iyong anak ay magkakaroon ng dalawang card at maaaring gamitin ang pareho kung kinakailangan.

**Paano kung ayaw kong lumahok ang aking anak sa Programang EXCEL Library Card?** Kung ayaw mong magkaroon ng library account ang iyong anak, huwag lang i-activate ang card at ibalik ito sa guro ng iyong anak.

**Paano kung mawala ang card ng aking anak?** Maaaring bisitahin ng iyong anak ang anumang lokasyon ng library ng SDPL gamit ang kanilang student ID # at bibigyan siya ng bagong card nang walang bayad.

**Saan ko ibabalik ang mga aklat na hiniram ko mula sa San Diego Public Library?** – Kailangang ibalik ang mga ito sa alinman sa 36 na lokasyon ng library. Ang panahon ng pagpapahiram para sa mga aklat ay 30 araw at maaari silang i-renew kung hindi pa ito hiniling ng ibang gumagamit ng aklatan. Ang panahon ng pagpapahiram para sa mga eBook ay 21 araw at awtomatiko itong ibinabalik sa kanilang takdang petsa.

**Gaano katagal magagamit ng aking anak ang card?** Magagamit ng mga estudyante ang kanilang card hanggang umabot sila sa 21 taong gulang.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin kami online sa www.sandiego.gov/excel

SD Public Library

San Diego Unified School District